8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2025-2026. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Allan A. Ortiz (Elizabeth Seton School- Las Pinas Campus)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, UNANG KUWARTER, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagigingmalikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay na nasa video o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa***<br>*Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon*<br>*(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula*<br>*(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula*<br>*(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao*<br>*(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda*<br>*(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng tula*<br>*(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon* |
| **D. Nilalaman** | -Baliktanaw sa kasaysayan ng haiku sa Pilipinas<br>-Mga akda ni Gonzalo K. Flores<br>-Katangian ng Haiku (element ng tula/ elementong panglinggwistika<br>Mga halimbawa ng Haiku<br>-Pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula |

| | |
|---|---|
| **E. Integrasyon** | Mga Isyung Pangkapaligiran at Pangkalikasan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Santiago, E., Kahayon, A., Limdico, M., (1989). Panitikang Filipino. National Book Store. Mandaluyong City
- Sauco, C., Papa, N., Sta. Ana, N., (1997). Panitikang Filipino (Pandalubhasaan). Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City
- Salazar, L., Atienza, O., Ramos, M., Nazal, A., (1995). Panitikang Filipino *Pangatlong Edisyon.* Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City
- Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br>**TUGON-TANONG:** Sagutin ang mga tanong batay sa nakaraang paksa sa panahon ng Amerikano.<br><br>U.S. Marine Corps. (1942). Picture of soldiers marching in the Bataan Death March. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Burial_detail_at_Camp_O%27Donnell_after_Bataan_Death_March.jpg.<br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano-ano ang masamang epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa at mamamayan nito?<br>2. Ano-ano ang mabuting epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa at mamamayan nito?<br>3. Paano mo maiuugnay sa kasalukuyan ang mga epektong ito sa bansa?<br>4. Paano mo pahahalagahan ang mga ito upang mapagyaman ang mabuting epekto at tugunan ang masamang epekto ng pananakop ng Hapon sa bansa? | **Unang Araw**<br><br>Gawing oral ang balik-aral at magtuon sa pagtataguyod pangkapayapaan sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**LARAWANALISIS**<br>Gabay na tanong:<br><br>***Maghanap ng larawan ng palay.***<br><br>1. Gaano kahalaga ang palay sa kulturang Pilipino?<br>2. Ano ang sinisimbolo ng palay?<br>3. Batay sa inyog obserbasyon, paano ninyo inilalarawan ang isang palay?<br>4. Maaari ba nating ipahayag sa masining na paraan ang paglalarawan gaya ng palay?<br><br>**ALAM MO BA?**<br>Noong panahon ng Hapon, maraming impluwensya ang naging bahagi ng panitikan sa Pilipinas. Lumipat sa pagsulat ng mga panitikang Pilipino ang mga manunulat na nagsusulat sa wikang Ingles dahil sa pinagbawal ng mga Hapon ang anumang impuwensiya ng mga Amerikano sa bansa tulad ng panitikan. Ito ang panahon na kinikilalang Gintong Panahon ng Panitkaang Pilipino dahil sa ang mga uri ng panitikan ay nasusulat sa wikang Tagalog. Naging tanyag ang mga akdang patungkol sa buhay sa lalawigan gaya ng pagsasaka at pangingisda dahil sa pagmamahal ng Hapones sa hanapbuhay na ito. Pumapaksa ang karamihan ng mga akda noong panahong ito ay pagkamakabayan, pag-ibig at kaliksan na makikita sa mga tula, maikling kuwento, dula at iba pa. Dinala ng mga Hapones ang kanilang malalim na pananampalataya at sining na makikita sa kanilang mga templo, orgami, ikebana, at iba pang sining. Sa panitikan dinala nila ang haiku at tanka na isang uri ng tulang may layong pagsama-samahin ang mga ideya at imahe sa pamamagitan ng kakaunting salita lamang na timumabsan ng mga makatang Pilipino na tinawag na tanaga.<br><br>Sa kabuuan, ang panahon ng Hapon ay nagdulot ng malalim na impluwensya sa panitikan ng Pilipinas. Ito ay nagbigay-buhay sa iba't ibang uri ng akda na hanggang ngayon ay patuloy na kinikilala at iniuugnay sa kanilang kultura at kasaysayan. | *Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*<br><br>Link:<br>https://studylib.net/doc/26303707/mga-akdang-pampanitikan-sa-panahon-ng-hapon<br><br>https://sinoangpilipino.weebly.com/panahon-ng-hapon.html<br><br>https://brainly.ph/question/1882370 |

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang mahalagang elemento at detalye ng tulang lumaganap sa panahon ng pananakop ng Hapon?
2. Paano masusuri ang isang tulang lumaganap noong panahon ng pananakop ng Hapon?
3. Bakit mahalagang masuri ang kultural na aspeto batay sa konteksto ang mga tulang nasulat sa panahon ng pananakop ng Hapon?
4. Gaano nakaapekto ang mga panitikang ito sa mga uri ng panitikang sa kasalukuyan?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**TALASALITAAN**

Basahin at unawain ang pangungusap. Isulat ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| larawan | hindi pinahintulutan | pinatayan | kilalal |

1. Ang mga magsasaka ay imahe ng kasipagan ng mga Pilipino.
Kasingkahulugan: ______________________________
Pangungusap: ______________________________________________________
______________________________________________________________

2. Tunumbasan ng mga makatang Pilipino ang haiku ng Hapones at ito ay tanaga.
Kasingkahulugan: ______________________________
Pangungusap: ______________________________________________________
______________________________________________________________


3**.** Pinagbawal ng mga Hapon ang mga panitikang may impluwensyang Amerikano.
Kasingkahulugan: ______________________________
Pangungusap: ______________________________________________________
______________________________________________________________

4. Tanyag ang mga panitkan noong panahon ng Hapon ang akdang tinitema ay pag-ibig, kalikasan at patriotismo.
Kasingkahulugan: ______________________________
Pangungusap: ______________________________________________________
______________________________________________________________

**Sagot:**
1. larawan
2. pinantayan
3. hindi pinahintulutan
4. kilala

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: ______________________**<br>**Baliktanaw sa Haiku sa Pilipinas**<br>Allan A. Ortiz<br>Hindi maipagkakaila na nasa dugo ng mga Pilipino ang pagiging isang makata. Bago pa man dumating ang mga mananakop sa bansa ay nakatagni na ito sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng paghehele ng sanggol, mga ritwal sa pagtatanim, pananagumpay sa digmaan, pagdiriwang gaya ng pag-iisang-dibdib, paglalakbay at marami pang iba na nagpapakita ng damdamin ng mga katutubong Pilipino. Kaya ang panulaan ay isang kulturang dapat yakapin, payabungin at linangin. Naging madali sa mga Pilipinong makata na sumulat ng ibang anyo ng tula gaya ng haiku.<br>Matutunton ang paglaganap ng haiku sa Pilipinans noong panahon ng pananakop ng Hapon noong 1942 hanggang 1945. Ang impluwensyang Hapon sa panitikan gaya ng haiku ay madaling niyakap ng mga Pilipino nang ipagbawal ang panitikang Pilipino sa Ingles. Ito ang nagging Gintong Panahon ng Panitikang Pilipino dahil sa namamatay na panitikan dahil ang mga manunulat ay sumusulat sa wikang Ingles.<br>Ang haiku ay isang uri ng maikling tula mula sa hapon na nagtataglay ng ilang katangiang nagbibigay-kulay sa kanyang pagkakaiba. Ang tradisyunal na haiku ay binubuo ng 17 pantig na ang unang taludtod ay limang pantig, ang ikalawang taludtod ay pito at ang ikatlong taludtod ay limang pantig. Tungkol sa kalikasan at imahen ng haiku. Ipinakikita nito ang pagmamahal sa kaliksan at ang pagiging sensitibo sa mga detalye sa paligid. Sa makabagong panahon, mas malawak na ang tema ng paglikha ng haiku. Hindi na umiikot sa kalikasan bagkus nakatuon na rin sa tao at kanyang karanasan.<br><br>Ang kinillang unang makatang Pilipino na sumulat ng haiku ay si Gonzalo K. Flores, kilala rin bilang Severino Gerundio, isang avant-garde makatang noong panahong ng Hapon. Narito ang dalawa sa kanyang haiku, isinalin sa Tagalog, na inilathala sa magasing Liwayway noong Hunyo 5, 1943.<br><br>**tutubi**<br>hila mo'y tabak…<br>ang bulaklak, nanginig!<br>sa paglapit mo. | **Ikalawa at Ikatlong Araw**<br><br>Narito ang ilang mga link na maaaring mabasa kaugnay ng mahahalagang impormasyon sa kasaysayan ng haiku sa Pilipinas.<br><br>Links:<br>https://thehaikufoundation.org/omeka/files/original/f5c5d8879bfe018401a94da6fe9c9b70.pdf<br>https://www.slideshare.net/allanortiz/tula-updated-handout |

| | | |
|---|---|---|
| | **anyaya**<br>ulilang damo<br>sa tahimik na ilog<br>halika, sinta.<br><br>Sa paglipas ng panahon at pag-unad ng teknolohiya, ang internet ang nagdala ng haiku sa ilang makata sa bansa. Nabuo ang mga organisasyon at pangkat s aonline upang unti-unting buhayin ang pagsulat nito. Ilan sa mga pangkat at organisasyon ay Brown Song o Kayumangging Awit na isang forum sa Yahoo ng mga makata sa Pilipinas at iba't ibang bansa. Naitatag noong Oktubre 4, 2004 ni Robert Wilson, isang Amerikanong makata ng haiku na naninirahan sa Pilipinas. Siya ang co-owner at co-publisher, at co-editor-in-chief ng Simply Haiku. Ito ay isang online na literaturang journal na nagpapakita ng mga Japanese short form of poetry. Ang Bahag-hari ay isa ring online na pangkat sa Yahoo ng mga Filipinong makata at manunulat. Naitatag noong Marso 30, 2005 na may layuning magsalin ng mga Japanese haiku sa wikang Filipino.<br><br>Noong 2006 ay ginunita ang ika-50 anibersaryo ng diplomasya sa pagitan ng PIlipinas at Hapoon mula 1956-2006 bilang Philippine-Japan Friendship Day na inanunsyo ni Pangulong Gloria Arroyo. Dito nagsimulang magkaroon ng interes ang mga Pilipino na simulat ng haiku na nagdala sa unang paligsahan sa pagsulat ng haiku para sa mga Pilipino na iorganisa ng Japan Information and Culture at Embassy of Japan at Unibersidad ng Santo Tomas Graduate Studies.<br><br>Sa kabuoan, ang haiku ay patuloy na nagng bahagi ng ating kultura. Ito ay isang maikling tula na nagpapakita ng kalikasan, damdamin at pagmamahal sa buhay. | |
| | 1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**PANGKATALAKAYAN -** Hahatiin ang klase sa pangkat upang gawin ang pangkatang talakayan gamit ang mga *graphic organizers.* Ibabahagi sa klase ang ma impormayong kanilang naitala.<br><br>*Pangkat 1*<br>Ilagay sa kahon ang mga mahahalgang pangyayari kaugnay sa pag-unlad ng haiku sa Pilipinas. | Sa pagkatang Gawain, maaaring gamitin ang mga mag-aaral ang kanilang smartphone upang magsaliksik ng impormasyon kaugnay sa elemento ng tula. Maaaring palitan ang halimbawang haiku batay sa |




*Pangkat 2*
Suriin ang haiku na sinulat ni Gonzalo K. Flores batay sa katangian ng haiku (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **tutubi**<br><br>hila mo'y tabak…<br><br>ang bulaklak, nanginig!<br><br>sa paglapit mo | Anyo: |
| | Sukat: |
| | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talinhaga: |

pananaliksik ng mga mag-aaral.

Link: Tanka at Haiku: Kaligirang Pangkasaysayan - Padayon Wikang Filipino

| | |
|---|---|
| | |
| | Elementong Pangliggwistika |

*Pangkat 3*
Suriin ang haiku na sinulat ni Gonzalo K. Flores batay sa katangian ng haiku (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **anyaya**<br><br>ulilang damo<br><br>sa tahimik na ilog<br><br>halika, sinta. | Anyo: |
| | Sukat: |
| | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talinhaga: |
| | Elementong Pangliggwistika |

*Pangkat 4*
Suriin ang haiku na sinulat ni Gonzalo K. Flores batay sa katangian ng haiku (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **Haiku na isinulat ni Matsuo Basho na tinaguriang master ng haiku.**<br>Isinulat niya ito sa gitna ng paglalakbay patungkong Osaka.<br><br>Ngayon ay taglagas<br>'Di mapigil ang pagtanda<br>Ibong lumilipad | Pahiwatig: |
| | Simbolo: |
| | Talinghaga: |
| | Larawang-diwa: |
| | Imahen: |

**Rubric:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | MAHUSAY (3) | DI-GAANONG KAHUSAY (2) | NANGANGAILANGAN NG PAGPAPAHUSAY (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napaka –ayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ng nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |

Gamit ang rubrik ay mamarkahan ang pagbabahagi ng bawat pangkat.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyon | Maraming mali sa mga detalye at impormasyo n |
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |
| Pagkakasunos-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasuno d-sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasun od-sunod ng ginawang paglalahad |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Tanong-Tugon:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanong | Tugon |
|---|---|
| 1. Paano lumaganap ang haiku sa Pilipinas? | |
| 2. Bakit ang tema ng haiku ay patungkol sa kalikasan, tao, at karanasan? | |
| 3. Paano mo maiuugnay sa kalagayan ng kalikasan at buhay ng mga Pilipino sa pagsulat ng mga tula gaya ng haiku? | |

**Ikaapat na Araw**

I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral.
Ituon sa integrasyong:
- Mga Isyung Pangkapaligiran at Pangkalikasan

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>4. Paano mo pahahalagahan ang ang pagsulat tula ng mga Pilipino gaya ng pagsulat ng haiku?</td><td></td></tr></table><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**BALITAKTAKAN** – Magkakaroon ng malayang pagbabahaginan ang mga mag-aaral batay sa kanilang opinyon o saloobin tungkol sa sumusunod na usapin:<br><br>1. Reclamation sa Manila Bay<br>2. Pilipinas kabilang sa "Top 50 polluting waters in the world."<br>3. Climate change | Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang saloobin at opinion tungkol sa usapi |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Open Mic. -** Ipapahayag ng iling mag-aaral sa harap ng klase ang kangyang saloobin at pagkatuto mula sa talakayan. Bibigyan lamang ng isang minuto ang pagpapahayag ng mag-aaral.<br><br>**2.Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**GABAY-NILAY**: (Pasalita)<br>Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br><br>Sa araling ito:<br>• Nalaman kong ________________________________.<br>• Naranasan kong ________________________________.<br>• Naramdaman kong ________________________________.<br>• Para sa akin, ang mga panitikan sa panahon ng hapon ay? ________________________________.<br>• Bilang mag-aaral________________________________.<br><br>**GABAY-NILAY**: (Pasulat)<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay totoo at MALI kung hindi.<br><br>1. Ang mga sinaunang Pilipino ay naka-ugat na sa kanilang dugo ang pagiging makata.<br>2. Masasalamin sa pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino ang pagiging makata gaya ng mga ritwal.<br>3. Ang haiku ay impluwensiya ng kultura sa Tsina.<br>4. Muling nabuhay ang paglaganap ng pagsulat ng haiku sa tulong ng internet.<br>5. Ang haiku ay pumapaksa sa pagmamahal sa bayan, pakikidigma at edukasyon.<br><br>Piliin ang titik ng wastong sagot sa tanong sa bawat bilang.<br><br>**Oras ay ginto,**<br>**Pahahalagahan ko,**<br>**Hanggang pagyao.**<br><br>6. Ano ang simbolismo ng oras sa haiku?<br>A. katandaan<br>B. kabataan<br>C. panahon<br><br>7. Ano ang simbolismo ng ginto sa haiku?<br>A. kabaitan<br>B. kasikatan<br>C. kayamanan<br><br>8. Ano ang kaisipan ng haiku?<br>A. Ang buhay ng tao ay mahiwaga.<br>B. Bawat oras ay kailangang gamitin para sa kaligayahan.<br>C. Limitado ang oras ng buhay kaya bigyang halaga. | Sagot:<br>1. TAMA<br>2. TAMA<br>3. MALI<br>4. TAMA<br>5. MALI<br>6. C<br>7. C<br>8. C<br>9. A<br>10. B |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">9. Ano ang talinghagang nakapaloob sa haiku?<br>A. Ito ay nagpapakita ng pagmamahal sa oras at pagkilala sa kahalagahan nito sa ating buhay.<br>B. Maging masaya lamang sa buhay para maging masaya hanggang kamatayan.<br>C. Huwag magpadala sa suliranin ng mundo dahil magdadala ito ng kabiguan mo.<br><br>10. Ano ang tono ng ng haiku?<br>A. pumupuna<br>B. nagtuturo<br>C. nangangaral<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>-Magsaliksik tungkol sa tanka at kung paano ito sinusulat.<br>-Magbigay ng ilang halimbawa ng tanka.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay** | ▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Allan A. Ortiz*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: (Elizabeth Seton School- Las Pinas Campus)*** | ***Institusyon: Philippine Normal University-Manila*** |